ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVII Blg. 11
Hunyo 7, 2026
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Wakasan ang 80-taong malakolonyal na paghahari ng imperyalismong US

Higit kailanman sa kasaysayan ng Pilipinas, napakahigpit ngayon ng pangangailangang makibaka nang buong-sigasig para kamtin ang matagal nang hinahangad ng sambayanang Pilipino na tunay na kalayaan mula sa malakolonyal na kontrol at dominasyon ng mga imperyalistang Amerikano.

Niyayanig ang buong mundo ng papalalim na pandaigdigang krisis ng sistemang kapitalista at umiigting na tunggalian ng mga imperyalistang kapangyarihan. Sa harap nito, lalong tumitindi ang agresyong militar ng US, sa imbing pakanang ipataw ang hegemonya sa iba't ibang panig ng daigdig para kontrolin ang mga pinagkukunan ng hilaw na materyales at mga pamilihan para sa pagtatambak ng kanyang sobrang mga kalakal.

Sa Pilipinas, lalong bumibigat ang pagdagan ng imperyalismong US sa sambayanang Pilipino. Nariyan ang permanenteng presensya at malawakang pag-ooperasyon ng libu-libong pwersang militar ng US sa iba't ibang sulok ng bansa, bilang lantarang pagpapakita ng kanilang kontrol at dominasyon sa Pilipinas. Walang-awat ang pagwawasiwas ng US ng pwersang militar sa anyo ng sunud-sunod na ensayong panggera. Nagpalipad kamakailan ng Tomahawk *missile* mula sa sibilyang paliparan sa Tacloban City tungo sa Nueva Ecija, na nagsapeligro sa milyun-milyong Pilipino sa Maynila at iba pang lugar na dinaanan ng mababang paglipad nito.



Ginagamit ng US ang kontrol nito sa Armed Forces of the Philippines (AFP), partikular sa Philippine Navy, pati sa Philippine Coast Guard, para magsilbing *escort* o bantay sa mga pwersang nabal ng US na nagmamaniobra sa karagatan sa palibot ng China. Halos palagiang may nakadaong o naglalayag na dambuhalang *aircraft carrier* ng US sa karagatan ng Pilipinas. Kabilang dito ang USS Abraham Lincoln na sumuot sa mga isla ng Pilipinas tungo sa South China Sea bago ito naglayag sa Middle East para sumuporta sa paglusob ng US sa Iran.

Kamakailan, "nagpatrulya" ang US Coast Guard sa Scarborrough Shoal, na ilanlibong milya ang layo sa baybayin ng US, para manghamon at mang-udyok sa China.

Mas mahigpit na kinokontrol ng imperyalismong US ang papet na rehimeng Marcos at ang patakarang panlabas ng bansa. Animo'y loro ang mga maka-US na upisyal ng rehimeng Marcos sa pag-uulit-ulit ng propaganda ng US para bigyang-matwid ang estratehiyang "palibutan" at "pigilan ang paglawak" ng lakas ng China. Binigyang daan din ng rehimeng Marcos ang muling pagbabalik ng mga tropa ng Japan sa Pilipinas para suportahan ang US, na tahasang paglapastangan sa sigaw ng sambayanang Pilipino para

sa katarungan sa malawak na mga krimen ng mga sundalo ng Japan nang sinakop ang Pilipinas noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Sa ekonomya, mas agresibong itinutulak ngayon ng US ang pagpapahigpit ng kontrol ng mga kapitalistang Amerikano sa likas na yaman ng bansa, sa balangkas ng Pax Silica. Iginigiit ng US ang espesyal na pagtrato sa mga kumpanyang Amerikano na magnenegosyo sa binuksang "economic security zone" sa Pampanga at Tarlac, para sa pagpuproseso ng mga mineral at pagtatayo ng matakaw-sa-tubig na imprastruktura para sa *artificial intelligence* (AI). Ang mga kumpanyang Amerikano (pati na kasosyong kumpanyang militar ng Israel) na mag-ooperasyon dito ay walang babayarang buwis, walang upa sa lupa at malaya sa kontrol at pangangasiwa ng gubyerno ng Pilipinas. Alinsunod sa pakay ng US, pinupuntirya at ipinasasara ng rehimeng Marcos, sa pangunguna ng AFP at Department of Defense, ang mga kumpanya ng China na may mga pagawaan sa Pilipinas.

Sa militar, papatindi ang panghihimasok ng US sa lokal na gerang panunupil at paggatong sa pasismo ng reaksyunaryong estado laban sa mamamayang nakikibaka. Sa balangkas ng Salaknib *military exercises*, isinasagawa ang mga pagsasanay ng mga tropang Amerikano sa "jungle warfare" at "small unit operations" na nakatuon pangunahin sa mga operasyong kontra-gerilya. Inaarmasan nito ang AFP ng mga *jetfighter*, helikopter, mga bomba, kanyon, *drone, anti-drone,* GPS *tracker* at iba pang sandata sa desperasyong lipulin ang BHB, na isa sa pinakamalaking sagka sa lubos na pamamayagpag ng kapangyarihan ng US sa Pilipinas. Tuluy-tuloy na pumapasok ang mga tropang Amerikano sa mga liblib na lugar sa kanayunan, kabilang ang sa Central Luzon, Bicol at iba't ibang prubinsya sa Mindanao.

Ginagatungan ng imperyalismong US ang pasistang panunupil ng mga armadong galamay ng rehimeng Marcos. Nananaginip nang gising ang imperyalismong US at ang mga hibang na militaristang upisyal na madadaan sa pasistang panunupil ang paggapi sa armado at di armadong paglaban ng malawak na masa ng sambayanang nakikibaka para sa tunay na kalayaan. Ang patuloy na pagpupunyagi at matatag na pagbawi ng lakas ng BHB, at ang tinatamo nitong malawak na pagsuporta ng masa sa iba't ibang panig ng bansa, ay patunay na hindi kailanman mauupos ang hangarin ng sambayanang Pilipino para sa tunay na kalayaan at demokrasya.

Halos walong dekada na mula noong Hulyo 4, 1946 nang "ibigay" ng imperyalismong US sa Pilipinas ang huwad na kalayaan, at itinatag ang papet at pasistang estado. Kasabwat ang naghaharing mga uri ng malalaking burgesyang kumprador, malalaking panginoong maylupa at burukrata-kapitalista, isinadlak ng imperyalismong US ang Pilipinas sa malakolonyal at malapyudal na katayuan.

Sa ilalim ng 80-taong malakolonyal na paghahari ng US, nasadlak ang Pilipinas sa walang katapusang krisis sa ekonomya, dahil sa pagkakait sa Pilipinas ng pagkakataon na tumindig sa sariling paa. Pinanatili nito ang atrasadong sistemang pyudal at pinagsilbi ang bansa na tagaeksport ng murang hilaw na materyales. Ginumon ang bansa sa dayuhang pautang para sa panandaliang pagpapasikad sa ekonomya kapalit ng panggagahis ng mga patakarang neoliberal na kumalbo sa mga kagubatan, dumambong sa mga kabundukan, kumamkam ng mga mineral, umangkin ng daanlibong ektaryang lupain. Ginamit ang Pilipinas na malaking base militar para ipataw ng US ang kapangyarihan sa bansa at iba't ibang panig ng mundo.

Sa "Araw ng Kalayaan" sa Hunyo 12, walang katuturan na magdiwang sa harap ng paghihikahos ng mamamayan at panlulupig ng dayuhang pwersang militar. Sa 80-taong paghaharing malakolonyal ng US, inangkin ng mga monopolyo kapitalistang Amerikano ang yaman ng bansa habang dinusta at ginutom ang malawak na masang manggagawa at magsasaka. Dapat wakasan ang kabanatang ito ng kasaysayan ng bansa na walang ibang patutunguhan kundi lalong paghihirap at pagdurusa ng bayan. Dapat magbuklod ang buong bayan at buong sigasig na isulong ang digmang bayan para sa tunay na kalayaan, demokrasya at katubusan ng bansa. AB


ANG Bayan

Tomo LVII Blg. 11 | Hunyo 7, 2026

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.


## Nilalaman


**Editoryal:** Wakasan ang 80-taong malakolonyal na paghahari ng imperyalismong US 1
Ika-6 na teoretikal na kumperensya ng NDFP 3
Mga kontra-insurhensyang operasyon ng US 4
Lantarang pakikialam ng US Coast Guard sa bansa 4
Gibo Teodoro: Pasistang asong ulol ng US 5
Bisita ni Marcos sa Japan 6
Operasyong isnayp ng BHB-Northern Samar 6
Sa madaling salita 7
Super El Niño, pinangangambahan ng anakpawis 8
Krisis sa Senado: Salamin ng burukrata-kapitalismo 9
Pagsira sa kalikasan para sa tubo ng korporasyon 9
Reporma sa GE: Paghuhubad sa bulok na eduakasyon 10
Kabataan laban sa Red-tagging at panunupil 11
Negosasyon sa kapayapaan ng US at Iran 11
Mga protesta 11
Umiigting na agresyon ng US sa Latin America 12




Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph cpp_angbayan

# Teoretikal na kumperensya hinggil sa pasismo at imperyalismo sa mga neokolonya sa ika-21 siglo, inilunsad

Matagumpay na idinaos sa pangunguna ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang Ika-6 na Internasyunal na Teoretikal na Kumperensya na may paksang "Pasismo at Imperyalismo sa mga Neokolonya sa Ika-21 siglo" noong Mayo 22–23 sa Kathmandu, Nepal. Nilahukan ito ng halos 200 kinatawan mula sa 17 bansa, na binubuo ng mga partido komunista, mga partidong manggagawa, mga grupong nagbubuo ng partido, mga rebolusyonaryong organisasyon, mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya, at mga progresibong organisasyon.



Ang aktibidad ay ikalawa sa dalawang magkasunod na kumperensya na tumalakay sa usapin ng pasismo sa ika-21 siglo. Ang sinundan nitong kumprensya ay tumalakay sa pasismo sa mga pusod ng imperyalistang bayan at mga industriyalisadong kapitalistang bansa.

Sa pamamagitan ng pagtalakay sa 17 teoretikal na papel, pinalalim ng asembliya ang pag-unawa sa pasismo bilang produkto ng krisis ng imperyalismo. Binigyang diin kung papaanong ginagamit ng mga imperyalista at papet na rehimen ang pasismo sa pamamagitan ng programang kontra-insurhensya at iba't iba pang anyo ng paniniil, para panatilihin ang kanilang yaman at kapangyarihan.

Humango ang kumperensya ng mga aral mula sa mga kontribusyon nina Lenin, Stalin at Dimitrov, kabilang ang mga aral at kaalamang nakalap mula sa ikalimang teoretikal na kumperensya ng NDFP, upang masuri ang makasaysayang pag-unlad at pang-angkop ng pasismo sa ika-21 siglo sa mga neokolonya na bansa. Binigyang diin sa kumperensya ang kagyat na pangangailangan na magbuo ng malawak na nagkakaisang prente ng mga manggagawa, intelektwal, at iba pang inaaping sektor upang epektibong harapin at gapiin ang pasismo.

Tinapos ang kumperensya sa pamamagitan ng sintesis ng mga talakayan, pagpupugay sa mga martir ng digmang bayan at mga rebolusyon sa mga neokolonya at pag-awit ng Internationale.

**Ugat ng pasismo sa Pilipinas**

Sa artikulong ibinahagi ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas na pinamagatang "Isulong ang digmang bayan para bunutin ang ugat ng pasismo at imperyalismo sa mga neokolonya," binaybay ang kasaysayan at ebolusyon ng pasismo at neokolonyal na pasistang estado sa Pilipinas.

Pinag-iba nito ang proseso ng pag-usbong ng pasismo sa mga kapitalistang bansa at sa mga neokolonya. Sa mga sentro ng imperyalismo, ang pasismo ay umusbong bilang reaksyunaryong kilusan (ultra-nasyunalista at anti-komunista) na sinasamantala ang krisis ng kapitalismo upang agawin ang kapangyarihan at supilin ang uring manggagawa. Sa mga neokolonya, lumitaw ang pasismo sa pamamagitan ng imperyalistang pagsikil sa pambansang paglaban para bigyang daan ang walang-sagkang pandarambong ng mga dayuhang kapitalista at kasabwat na lokal na naghaharing uri.

Ang pasismo sa Pilipinas ay hindi likas na umusbong kundi ipinataw ng imperyalismong US sa anyo ng estadong neokolonyal. Iniluwas ng US ang pasismo sa Pilipinas kasabay ng pagtindi ng krisis ng monopolyong kapitalismo. Habang pinananatili ang burges-demokratikong sistema sa sariling bansa, isinagawa nito ang brutal na pasistang pagsakop at anti-komunistang panunupil sa Pilipinas. Sa paglipas ng panahon, lalong tumindi ang panunupil na ito sa pamamagitan ng mga doktrinang kontra-insurhensya na nakabatay sa mga manwal ng US.

Mula sa mga nakaraang papet na rehimen hanggang sa kasalukuyan, nagpatupad ang estado ng iba't ibang kampanyang militar at mga mapaniil na batas tulad ng Anti-Terror Law at Executive Order 70 upang sistematikong supilin ang mga aktibista, mamamahayag, at mga kritiko. Gumagamit rin ng mga mekanismo ang estado upang lubos na maghari, kabilang ang pagpapataw ng hindi hayag na batas militar, pagpapatupad ng mga batas upang maging lehitimo ang pasistang panunungkulan, kontrol sa ideolohiya at midya, at paggamit ng abanteng teknolohiyang militar para sa pagmamanman at pagsupil sa mga rebolusyonaryong kilusan.

Sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, isinusulong sa Pilipinas ang demokratikong rebolusyong bayan upang ibagsak ang paghahari ng imperyalismong US at kasabwat na mga naghaharing uri. Sa ganitong paraan lamang mawawakasan ang pasismo. AB

# Mga kontra-insurhensyang operasyon ng US sa tabing ng *war games*

Matapos ang Balikatan 2026, agad na ikinasa ng US ang kasunod na mga *war games* na Salaknib, Kasangga, at Marine Exercise (MAREX) noong Mayo. Mahigit 8,000 tropa mula sa US, Japan, Australia, at Pilipinas, pati na mga tropa mula New Zealand at Canada, ang kalahok sa mga *war games*. Taliwas sa sinasabing para ito sa "eksternal na depensa," komun sa tatlo ang mga kontra-insurhensyang operasyon na isinasagawa sa mga komunidad ng mga magsasaka at mangingisdang Pilipino.



Sa Luzon, isinasagawa ng US ang Salaknib 2026 na nilahukan ng mga hukbong pangkati ng US, Pilipinas, at New Zealand, at ng Japan Ground Self-Defense Force. Ineensayo nito ang paglilipat-lipat ng mga gamit-militar sa pagitan ng mga isla sa kunwa'y "archipelagic defense." Tumutok ang *war games* sa pag-eensayo sa mga taktika sa digma sa kagubatan (*jungle warfare* at mga *small unit tactic*) sa mga kundisyong "real time." Itinayo para rito ang mga "jungle combat training center."

Sa Camarines Sur, inilunsad ang Kasangga 2026-1 mula Mayo 26 na nilalahukan ng mga tropa mula sa Australian Army. Pokus nito ang operasyong paniktik at kombat sa mga komunidad. Bago pa buksan ang *war games*, lumapag na ang dayuhang mga tropa sa prubinsya. Ginamit nila ang mga baybayin at bulubunduking bahagi ng Pasacao, Balatan, San Fernando, Libmanan, at Ragay. Pinapasok nila ang mga komunidad at hinigpitan ang kilos at paghahanapbuhay ng mga magsasaka at mangingisda.

Sa Mindanao, isinasagawa ng US ang MAREX 2026 sa Maguindanao del Norte katuwang ang Philippine Marine Corps. Tutok nito ang pagsasagawa ng mga *jungle patrol* sa labas ng Camp Iranun at pagpapaputok ng artileri malapit sa matataong lugar sa Datu Blah Sinsuat at Barira. Nagdulot ng ligalig sa mga residente ang panganganyon.

Mula't sapul, diin ng mga *war games* ng US ang kontra-insurhensyang mga operasyon. Ang Balikatan, bago ito naging multilateral na palabas ng mga tropa at armas, ay nakatuon sa "internal na depensa" o pag-eeksperimento ng mga taktika at kagamitan laban sa armadong kilusang Bangsamoro at laban sa Bagong Hukbong Bayan. Inilunsad sa tabing nito ang malalawak na operasyong sibil-militar kung saan nagpakitang-tao ang US sa pagtatayo ng mga eskwelahan, pagsasagawa ng mga misyong medikal, paghuhukay ng mga balon at iba pang pakana para ilayo ang "puso't isipan" ng mamamayan sa pagrerebolusyon.

Samantala, diin ng Salaknib, na unang inilunsad noong 2016, ang pagpapaunlad ng mga taktika at kakayahan ng Philippine Army sa *jungle warfare, small unit tactics*, paggamit ng K-9 (mga aso), pagdis-arma ng mga eksplosibo, at pagpapaputok ng mga kanyon at mortar. Nitong nagdaang dalawang taon, inieksperimento dito ang maramihang paggamit ng maliliit na *drone* ("eye in the sky" sa Cagayan Valley noong 2025) at modernong kontra-*drone* at *electronic warfare* (2026), kaalinsabay sa magkasanib na operasyon ng mga yunit. Ang mga armas na ginagamit sa mga *war games* na ito ay ibinebenta kalaunan ng US sa Pilipinas. AB

### US Coast Guard, lantarang nakikialam sa Bajo de Masinloc

NOONG MAYO 28-30, inilunsad ng US Coast Guard, karay-karay ang mga barko ng Philippine Coast Guard, ang tinawag nitong "pinagsanib na pagpapatrulya" sa Bajo de Masinloc (Scarborough Shoal). Sa pagpapatrulyang ito, "inensayo" ng US ang mga Pilipino sa mga operasyong pagpasok, pagrekisa at pagkumpiska ng mga barkong itinuturing na "kalaban" o gumagawa ng krimen sa karagatan; panghaharang, pananabat, at pangrerekisa ng mga ito; at pagpupulis sa karagatan.

Lantaran itong panghihimasok at panggagatong sa mga hidwaan at tensyon sa karagatan. Labag din ito sa kahingian ng mga Pilipino, laluna ng mga Pilipinong mangingisda, na payapa at diplomatikong resolbahin ang mga sigalot sa dagat sa pagitan ng Pilipinas at China. Imbes na bawasan ang presensya ng mga pwersang armado sa paligid na karagatan ng bahura para maigiit ang karapatan ng maliliit na mangingisdang Pilipino, lalo nitong ginawang mahirap hanggang imposible ang payapang paglalayag at pangingisda nila doon.

Ang Bajo de Masinloc ay sentro ng mainit na tunggalian dahil sa magkasabay na pag-angkin dito ng China, Pilipinas at Taiwan. Noong 2016, idineklara ng Permanent Court of Arbitration ang karagatan sa paligid nito bilang tradisyunal na *fishing grounds* ng maliliit na mangingisdang Pilipino, Chinese at Vietnamese.

# Gibo Teodoro: Pasistang asong ulol ng imperyalismong US

Sa Shangri-La Dialogue sa Singapore, namayagpag si Gilberto "Gibo" Teodoro Jr, kalihim sa depensa ng rehimeng Marcos, bilang tagapaglako ng pinakamasasahol at militaristang patakaran ng imperyalistang US. Dito, hinimok niya ang mga bansa na sumunod sa kumpas ng US at nagprisentang maging taga-koordina ng mga ito sa Asia. Animo'y asong ulol, agresibo niyang inatake ang mga kumakalaban sa US. Ang Shangri-La Dialogue na ginanap noong Mayo 29-31 ay taunang pagtitipon ng mga upisyal sa depensa sa Asia.

Sa pagtitipon, buong pagmamayabang na idineklara ni Teodoro ang Pilipinas bilang "Archipelagic Sentinel" at "tagapagtangol ng malayang karagatan." Alinsunod ito sa estratehikong layunin ng US na gamitin bilang malaki at libreng *forward operating base* ang bansa sa pakikipaggirian nito sa China. Salalayan ng alok na ito ang National Defense Strategy ng US sa pagwawasiwas ng kapangyarihan militar na Amerikano o "peace through strength." Ibinubugaw ni Teodoro ang mga base, pasilidad at engklabo ng Pilipinas hindi lamang sa US, kundi pati sa mga kaibigan nito, para gamiting lunsaran ng mga operasyong militar, lagakan ng opensibong mga armas, at pabrika para sa produksyong pandigma.

Mariing ipinagtanggol ni Teodoro ang US, pati na rin ang Japan, laban sa mga kritisismo ng hegemonismo sa Asia. Dinepensahan niya ang militarismo ng gubyerno ni Sanae Takaichi at ang kasaysayan ng brutal na pananakop ng Japan sa Asia, kabilang sa Pilipinas, noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Tinawag niyang "hindi makatarungan" at "maling pagbasa sa kasaysayan" ang mga pagsasariwa sa mga krimen sa digma ng imperyalistang Japan. Sa kabila ito ng malawak na pagtutol ng mamamayang Japanese sa pagbitaw sa mga probisyon sa konstitusyon at batas na nagbabawal sa Japan na makisangkot sa anumang gera.

Lalong itinali ni Teodoro ang Pilipinas sa estratehikong mga interes ng US. Pinirmahan niya, kasama ang kalihim ng Department of War ng US na si Pete Hegseth, ang 15-taong Communications Interoperability and Security Memorandum of Agreement noong Mayo 30. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, dalawa nang kasunduan sa "pagbabahaginan ng datos paniktik" na nagsiwalat ng mga usaping internal at panseguridad ng Pilipinas sa mga dayuhang tropa ang kanyang pinirmahan. Siya rin ang nagtulak at pumirma sa apat na kasunduang militar na nagpahintulot sa libreng paglabas-masok ng mga dayuhang tropang alyado ng US sa bansa.

Puring-puri ng kriminal sa digma na si Hegseth si Teodoro na lubos na sumusuporta sa nais ng US na maglaan ang mga bansa sa Asia nang hanggang 3.5% ng mga *gross domestic product* o GDP nito (mahigit ₱1 trilyon, kung sa Pilipinas) para sa gastusing pandepensa. Para sa 2026, napataas na ni Teodoro ang badyet ng papet na AFP nang 12% kumpara sa 2025 o mula ₱378.9 bilyon tungong ₱423.7 bilyon. Dahil aminadong hindi makatutugon sa rekisitong badyet, iniaalok ng rehimeng Marcos ang libreng paggamit sa mga pasilidad, rekurso at lupa ng mga pwersang Amerikano. Ani Hegseth, dapat "tularan" ng iba ang Pilipinas sa usaping ito.




Sa loob ng bansa, nangungunang tagapagtaguyod ng militaristang doktrina si Teodoro laban sa mamamayan at kilusang kontra sa imperyalistang gera ng US, laluna sa mga pwersang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Kakoro ng amo niya, itinuturing niyang "terorismo" ang armadong paglaban sa imperyalistang pandarambong at pagsasamantala. Pinupuri niya ang madugong kampanyang kontra-insurhensya na nagreresulta sa mga masaker at krimen sa digma. Kamakailan, pinuri at nakipiging pa siya sa mga mga tropa ng 79th IB na nasa likod ng masaker sa 19 indibidwal, kabilang ang dalawang menor-de-edad, sa Toboso, Negros Occidental. Tutol na tutol

*Sundan sa pahina 6*

# Pagbisita ni Marcos sa Japan, para sa alyansang militar at ibayong pagsasamantala sa mga manggagawa

Sinalubong ng mga protesta ang pagbisita ni Ferdinand Marcos Jr sa Japan noong Mayo 26–28. Layon ng 4-araw na upisyal na pagbisita ang pagpapalakas ng mga kasunduang militar na Reciprocal Access Agreement at Acquisition and Cross-Servicing Agreement, pagbili ng mga pinaglumaang armas at barkong pandigma, at pagbenta ng murang lakas paggawa ng mga Pilipino.

Sa Japan, nagsagawa ng mga protesta, porum, at *photo exhibit* ang mga grupong Pilipino at Japanese para kundenahin ang lumalawak na ugnayang militar at pagbebenta ng armas sa Pilipinas. Pinangunahan ang mga aktibidad ng Bagong Alyansang Makabayan-Japan, Network Against Arms Trade, at Japan Campaign for Human Rights in the Philippines. Anila, ang pagbebenta ng mga armas sa Pilipinas ay sumusuhay sa malawakang paglabag ng rehimeng Marcos sa karapatang-tao.

Planong bilhin ng rehimen ang mga pinaglumaang barko (Abukuma-*class*) ng Japan, Type 88 *missiles*, at iba pang kagamitang militar. Para pondohan ito, mangungutang si Marcos ng ¥64.38 bilyon ($413 milyon) mula sa Japan sa ilalim ng Official Development Assistance.

Sa Pilipinas, nagprotesta ang mga progresibong grupo malapit sa embahada ng Japan noong Mayo 26 upang manawagan ng hustisya para sa mga biktima ng pananakop ng Japan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, partikular ang mga krimen laban sa mga inaliping *comfort women*. Anila, ang pagpayag ng rehimeng Marcos na muling umapak sa lupain ng Pilipinas ang mga sundalong Japanese ay patunay sa pagiging sunud-sunuran nito sa pakanang gera ng US sa Asia.

Kasabay ng usaping militar, ipinagmalaki ni Marcos ang pangakong ₱56.3 bilyong pamumuhunan mula sa apat na kumpanyang Japanese na inaasahang lilikha ng 10,000 trabaho. Gayunpaman, ayon sa Pagkakaisa ng mga Manggagawa sa Timog Katagalugan, hindi kailanman nagdulot ng kaunlaran ang pamumuhunang Japanese. Nakatuon ang mga operasyong ito sa Pilipinas sa prosesong *labor-intensive* o masinsin ang gamit na lakas-paggawa. Nananatiling mababa ang sahod at limitado ang benepisyo ng mga manggagawa, habang ang kita ay inililipat pabalik sa Japan. AB

*Mula sa pahina 5*

din siya sa anumang pakikipag-usapang pangkapayapaan sa rebolusyonaryong kilusan para lutasin ang ugat ng armadong sigalot.

Kinakatawan ni Teodoro ang pinakapapet at militaristang katangian ng reaksyunaryong estadong Pilipino. Una siyang nagsilbing kalihim sa depensa ng korap na rehimeng Arroyo. Bago maging kalihim ng korap ring rehimeng Marcos, nagsilbi siya sa *board of directors* ng dayuhang kumpanya sa pagmimina na Sagittarius Mines, Incorporated. Ang kumpanya ay kilala sa pang-aagaw ng lupa ng mga B'laan para sa Tampakan Copper-Gold Project at brutal na panunupil sa kanilang paglaban.

Galing siya sa pamilyang Cojuangco, isang pamilya ng mga berdugong panginoong maylupa at burukrata-kapitalista. Naging kongresista siya ng unang distrito ng Tarlac mula 1998 hanggang 2007. Nag-ambisyon siyang maging pangulo noong 2010 pero nabigo. Noong 2022, tinangka niyang makipag-alyansa kay Sara Duterte para gawin siyang bise-presidente nito. Pamangkin siya ni Eduardo "Danding" Cojuangco Jr, pangunahing kroni ng pasistang diktadura ni Marcos Sr, gayundin ng dating presidenteng Corazon Aquino, na bantog naman sa mga pagmasaker ng mga sakada at magsasaka. AB

## Operasyon isnayp, inilunsad ng BHB-Northen Samar

NAGLUNSAD NG OPERASYONG isnayp ang isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Northern Samar (Rodante Urtal Command) laban sa mga sundalo ng 19th IB na nakahimpil sa detatsment sa Barangay Geparayan de Turag, Silvino Lobos, Northern Samar noong Mayo 22. Ang armadong aksyon ay pagpapataw ng hustisya sa patung-patong na mga krimen ng 19th IB sa masang magsasaka.

Matagal nang iniinda ng mga residente ng Silvino Lobos ang pananalasa ng pasistang militar sa kanilang komunidad. Ang nasabing detatsment ay katabi lamang ng kabahayan at dahil sa sobrang dami ng pasistang tropa sa kampo ay nakahalo sila sa mga sibilyan. Maya't maya rin ang mga operasyong kombat na gumugulo sa paghahanapbuhay ng masa.

Samantala, napatay sa armadong aksyon ng BHB-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command) ang isang sundalo ng 79th IB na nag-ooperasyon sa Sityo Cagayon I, Barangay Tamlang, Escalante City, Negros Occidental noong Hunyo 1. Maagap na nakapaglunsad ng depensa ang yunit ng hukbong bayan laban sa papalapit na tropa sa kanilang himpilan. Sampal ito sa paulit-ulit na deklarasyon ng reaksyunaryong estado at ng armadong makinarya nito na wala nang nakatayong larangan sa erya.

Matapos ang labanan, pinaigting ng 79th IB ang operasyong kombat at militarisasyon sa barangay. Sapilitan nilang pinagbakwit ang 150 pamilya o 554 indibidwal na pansamantalang nanatili sa Tamlang Elementary School sa loob ng isang araw.




## TakboBato

katatawanang larong *online*, **batay sa pagkaripas ni Bato de la Rosa sa loob ng Senado** noong Mayo 11 para takbuhan ang mga ahente ng NBI. Ilang milyon na ang naglaro nito.



## 8,766

puno **ang nanganganib o kasama sa listahang puputulin** para sa SLEX Expansion sa Laguna ng San Miguel Corporation; dagdag ito sa libu-libong pinutol na ng kumpanya para sa SALEX Project at libu-libong puno na bakawan para sa New Manila International Airport sa Bulacan.

## 276.7%

**ang dagdag na karneng pinahintulutan ng rehimeng Marcos** na iangkat sa 2026, mula 54,210 tungong 204,210 metriko tonelada, alinsunod sa EO 116.

Babahain nito ang pamilihan sa kapinsalaan ng lokal na magbababoy, habang di naman bumababa ang presyo ng karne sa mga palengke.

## ₱75 milyon

ang **winaldas ng mga Villafuerte** ng Camarines Sur para sa 6-araw na Ka-ogma Festival sa halip na tugunan ang pangangailangan ng mga Bicolano.

Inilunsad ang mga konsyerto at ibang pang-aliw na aktibidad sa inagaw ng mga Villafuerte na lupa at sakahan sa bayan ng Pili.

## Nobyembre 30, 2026

itinakda ng ICC Trial Chamber III na **umpisa ng paglilitis kay Rodrigo Duterte** para sa mga krimen laban sa sangkatauhan; araw-araw ang paglilitis hanggang abutin ng *recess* ang korte.

## 49

sa 191 bansa **ang bumoto sa Pilipinas** na paghahabol ng rehimeng Marcos na mahalal sa UN Security Council bilang di-permanenteng myembro; natalo ito ng Kyrgyztan sa sinasabing kontra-US at kontra-Israel na botong 142



## 27

karamihan **manggagawa, ang namatay** nang gumuho ang itinatayong gusali sa Angeles, Pampanga noong Mayo 24. Walang sapat na pangangalaga sa kaligtasan sa mga manggagawa sa lugar ng trabaho.

## 150 TAON

nang bahay ng pamilya ni Gregoria de Jesus, myembro ng Katipunan at asawa ni Andres Bonifacio, ang **iligal na dinemolis sa Quiapo, Maynila.** Isa ito sa natitirang bahay na bato mula sa huling bahagi ng ika-19 siglo.



# Super El Niño, pinangangambahan ng mga magsasaka at mangingisda

Nagbabala ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) laban sa nagbabadyang super El Niño sa gitna ng 2026 hanggang sa maagang bahagi ng 2027. Para sa mga magsasaka at mangingisda, nangangahulugan ito ng pagkawala ng ani, dagdag na pagtaas ng gastos sa produksyon, kakulangan sa tubig, at matinding kagutuman.

Ayon sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration, may 62% na tsansa ng El Niño sa Hunyo hanggang Agosto, na tataas tungong 82% sa pagtatapos ng taon. Inaasahang mararamdaman ang pinakamalalang epekto nito mula Oktubre hanggang Disyembre. Nasa 49 na lugar sa Visayas at Mindanao ang inaasahang makararanas ng mas mababa kaysa sa karaniwang ulan, pagtaas ng temperatura, at malubhang tagtuyot. Sa kabilang banda, mangangahulugan naman ito ng mas madalang, pero mas malalakas na bagyo ngayong taon.

**Pinsala sa mangingisda at magsasaka**


Sa panahon ng El Niño, mas bababa ang kita ng mga mangingisda dulot ng pagbawas ng isda sa dagat at pagkamatay ng mga bahura na nagsisilbing itlugan at kanlungan ng maliliit na isda. Tumataas ang posibilidad ng pagkamatay ng mga isda at *red tide*. Dahil sa sobrang init, mababawasan din ang oras sa pagpalaot ng mga mangingisda at nagiging mas bulnerable sila sa *heatstroke*.

Malaking problema ito sa seguridad sa pagkain dahil nasa 42.2% ng pinagkukunan ng protina ng mga Pilipino ay isda. Kasunod sa bigas, ikalawa ito sa pangunahing pagkain ng mamamayan. Kung hihina ang huli, tiyak ang pagtaas ng presyo ng isda sa palengke na dadagdag sa nagtataasan nang presyo ng bigas at iba pang pagkain.

Samantala sa mga taniman, ayon sa KMP, ipinakikita ng paulit-ulit na sakuna ng El Niño ang matagal nang pagpapabaya ng estado sa agrikultura: ang hindi sapat na irigasyon, kakulangan sa subsidyo sa produksyon, pag-asa sa pag-import ng pagkain, at kawalan ng tunay na reporma sa lupa.

**Hinagpis ng mga magsasaka ng Bicol, Cagayan Valley at Panay**

Matagal nang pinapasan ng mga magsasaka ang bigat ng sunud-sunod na kalamidad habang inutil at walang suporta ang estado sa kanilang mga pangangailangan. Higit pang nagpapabigat sa kanilang kalagayan ang mataas na presyo ng *diesel* at *farm input* tulad ng pataba dulot ng imperyalistang gera ng US at Israel sa Middle East. Sa badya ng Super El Niño, mas matinding pagdurusa ang inaasahan ng mga magsasaka.



Sa Bula, Camarines Sur, bukod sa hagupit ng kalikasan, labis na nagpapahirap sa mga magsasaka ang sumisirit na presyo ng mga gastusin sa pagtatanim. Sa isang ektaryang palayan ay nangangailangan ng 249 litro ng *diesel* para sa traktora at *water pump* na nagkakahalaga ng mahigit ₱21,000. Dagdag pa rito ang abono na nagkakahalaga ng halos ₱15,000 para sa Triple 14 at Urea. Sa kabuuan, umaabot sa lagpas ₱36,000 ang paunang puhunan sa krudo at pataba pa lamang—wala pa ang binhi, pestisidyo, at upa sa paggawa. Dahil dito, maraming magsasaka ang napipilitang tumigil sa pagtatanim upang maiwasan ang pagkalubog sa utang.

Dagdag pa rito, maraming magsasaka ang hindi pa rin nakaaahon o ngayon taon pa lamang nakababawi mula sa pinsalang dulot ng mga nakaraang kalamidad, kabilang ang ₱2.1 bilyong pagkalugi sa agrikultura at pangingisda sa Bicol noong 2024. May mga lupain na hindi pa rin natataniman dahil sa naipong putik at buhangin dulot ng ilang beses na pagputok ng bulkang Mayon.

Sa Cagayan Valley, nagdeklara noong Marso ang lokal na gubyerno ng Isabela ng *state of calamity* dulot ng matagal na tagtuyot. Sa Tuguegarao City, umabot sa 3,000 magsasaka ng mais ang naapektuhan ng kawalang ulan. Tinatayang nasa ₱2.3 bilyon halaga ng ani ang nasira o 80% ng mga pananim.

Umigting ang pagdurusa ng mga magsasaka dahil sa pagtaas ng presyo ng langis. Umabot na sa ₱110 -₱125 kada litro ang gastos ng mga magsasaka para sa patubig. Naging ₱2,500 na ang gastos

*Sundan sa pahina 9*

# Krisis sa Senado: Salamin ng kabulukan ng burukrata-kapitalismo

Sa nakaraang mga linggo, saksi ang mamamayan sa balyahan at agawan ng mga burukrata-kapitalista sa pamunuan ng Senado. Sa isang panig ang grupo ni Sen. Tito Sotto, na nagdeklarang "bagong mayorya" at may 12 senador. Sa kabilang panig ang grupo ni Sen. Alan Peter Cayetano na may 10 senador, mula sa dating 13. Bago nito, naipwesto ni Cayetano ang kanyang sarili sa kudeta laban kay Sotto noong Mayo 11 nang ilitaw niya si Sen. Ronaldo de la Rosa mula sa 6-buwang pagtatago para iboto siya. Sa pagkaripas ni de la Rosa pabalik sa pinagtaguang lungga, pag-aresto kay Sen. Jinggoy Estrada sa kasong pandarambong at pagbaligtad ni Sen. Chiz Escudero, nabawasan ang mayorya ni Cayetano.

Litaw sa agawan sa liderato ang pagkukumahog ng mga burukrata-kapitalista na protektahan ang kanilang mga sarili at kani-kanilang pangkatin. Nasa sentro nito ang tulak ng kampo ni Cayetano na iantala at tuluyang ibasura ang kasong *impeachment* laban kay Vice President Sara Duterte. Iniiwasan din nitong mapatibay ang ulat ng Blue Ribbon Committee kung saan pinangalanan ang ilan sa mga senador sa kanyang kampo na sangkot sa mga korapsyon kaugnay sa mga proyektong *flood control.*

Kasabay nito, agresibong itinutulak ng kampo ni Cayetano ang mga pagdinig para tumbukin ang papel ni Ferdinand Marcos Jr, pati ang kanyang mga alyado at upisyal, bilang nasa tuktok ng mga anomalya sa *flood control.* Kani-kanya ang kanilang pagsisikap para isalba ang kanilang mga sarili laban sa mga kaso ng korapsyon, pagtanggap ng suhol, pagpapayaman sa pwesto at kriminal na pananagutan.

Nakatanaw ang dalawang kampo sa eleksyong 2028, kung saan inaasahang lulundo ang umpugan ng pangkatin ng mga Duterte na kinatawan ni Cayetano at ang kampo ng mga Marcos, na kinatakawan ni Sotto, kasabwat ang mga senador ng Liberal Party at Akbayan.

Noong unang linggo ng Hunyo, naglunsad ng serye ng protesta ang mga pambansa-demokratikong grupo sa Senado para kundenahin ang pagtatanggol ng mga myembro nito sa mga korap at kriminal na upisyal, at pagsusulong ng makasariling interes. Panawagan nila ang katotohanan, pananagutan at hustisya. AB

*Mula sa pahina 8*

para sa *water pump* mula sa ₱1,200 kada araw, habang nagtaas mula sa ₱1,600 ang kada sako ng pestisidyo tungo sa ₱1,900.

Nananatili ring barat ang sahod ng mga manggagawang-bukid. Nasa ₱300 kada araw ang sahod sa tubuhan, habang nasa ₱500 kada toneleda ang kita sa sistemang pakyawan. Ito ay para sa 11 oras ang trabaho para sa 10 tonelada kada araw na kota. Nasa ₱500 kada araw kada ektarya naman ang sahod ng mga manggagawang-bukid sa maisan at palay. Lakip sa halagang ito ang pagkain at pamasahe.

Sa Panay, nagdulot ng pagkatuyo ng mga sakahan at pagbaba ng lebel ng tubig sa Maasin Dam ang matinding tagtuyot. Umabot sa mahigit ₱200,000 ang inisyal na pagkalugi sa mga natuyong gulay, palay, at prutas. Naitala rin sa San Dionisio, Iloilo ang pagkamatay ng mga alagang hayop, na nagresulta sa pagkalugi na tinatayang mahigit ₱70,000.

Nanawagan ang mga magsasaka at mangingisda ng agarang aksyon mula sa pamahalaan, kabilang ang pagdeklara ng *state of imminent disaster*, pagbibigay ng subsidyo, *crop insurance*, sapat na kompensasyon, pagpapalawak ng irigasyon, pagtigil sa importasyon, at pagbasura sa Oil Deregulation Law.

Binigyang diin ng KMP na hangga't nananatiling nakaasa sa importasyon ang agrikultura at walang tunay na reporma sa lupa at makabuluhang suporta sa lokal na produksyon, mananatiling bulnerable ang sektor sa mga sakunang dulot ng matitinding pagbabago sa klima. AB

## Pagsira sa kalikasan para sa tubo ng mga korporasyon, nilalabanan

KINUNDENA NG MGA grupong pangkalikasan at katutubo ang patuloy na pagsira sa kalikasan upang bigyang daan ang malalaking proyektong imprastruktura at pagmimina.

Sa Laguna, nagmartsa ang mga residente ng Pakil sa pangunguna ng Mamamayang Nagmamahal sa Pakil noong Mayo 30 upang tutulan ang pagtatayo ng Ahunan Dam sa bundok Ping-as. Itinuturing na sagrado ang bundok at mahalagang pinagkukunan ng malinis na tubig, irigasyon, at kabuhayan.

Sa Romblon, napatigil ng protesta noong Mayo 25 ng mahigit 500 residente ng Barangay España at katabing mga komunidad sa San Fernando, Sibuyan Island ang planong pagmimina ng Altai Philippines Mining Corporation. Itinaon ang pagkilos sa sesyon ng Sangguniang Barangay. Target ng operasyong mina ang 1,580 ektarya ng lupain sa San Fernando para sa tinatayang 50,000 toneladang *nickel ore.*

Sa Maynila, napilitan ang Department of Environment and Natural Resources at San Miguel Corporation ni Ramon Ang, na isuspinde ang pagputol ng mga puno sa kahabaan ng Quirino Avenue matapos ang mga protesta na pinangunahan ng Kalikasan People's Network for the Environment noong Mayo 26 at ng malakas na opinyong publiko. Umaabot sa 617 puno ang maaapektuhan ng Southern Access Link Expressway, kung saan mahigit 200 na ang naputol bago ang suspensyon.

Bagong reporma sa *general education* ni Marcos

# Higit na paghuhubad sa bulok na edukasyon

Ibayong hinuhubaran ng panibagong reporma ng rehimeng US-Marcos sa *general education* o GE ang bulok na sistema sa Pilipinas. Itinutulak ng Commission on Higher Education (CHED) ang panukalang Reframed General Education Curriculum Component (RGECC). Layunin nitong bawasan ang rekisitong asignaturang GE mula sa kasalukuyang 36 tungong 18 yunit na lamang. Target itong ipailalim sa "pilot" (eksperimento) na pagpapatupad sa akademikong taon 2026-2027, kung saan muling babawasan ang mga kursong ukol sa kasaysayan, panitikan, at etika.




Ang GE ay mga kursong nagbibigay ng batayang pundasyon sa kolehiyo tulad ng Filipino, panitikan, kasaysayan, pilosopiya, at etika na sinasabing nakatutulong sa paghubog sa kritikal na kamalayan. Ang RGECC ay kadugtong ng pagbabago noong 2013 (CHED Memorandum Order No. 20) na nagbaba ng GE yunit mula 42-64 tungong 36 alinsunod sa kumpas ng "globalisasyon," K-12, at integrasyon sa ASEAN, na nagtanggal sa Filipino at Panitikan bilang mga susing asignatura.

**Pagtutol ng mga akademiko at guro**

Ang sunud-sunod na porum at pagkilos noong Mayo ang nagtulak sa CHED na ianunsyo ang pagpapaliban sa eksperimentong pagpapatupad sa RGECC noong Mayo 13. Bago rito, nangalap ng pirma para sa petisyon kontra RGECC ang sektor. Pumirma ang mga pambansang alagad ng sining, propesor, at mambabatas.

Ayon sa General Education Movement (GEM), ang pagpapaliban ay tagumpay ng kolektibong paglaban, ngunit hindi ito sapat dahil nananatili ang sentral na problema: ang pagbabago sa istruktura ng edukasyon alinsunod sa merkado at neoliberalismo. Layunin ng RGECC na gawing "handa sa trabaho" ang mga estudyante at ihulma sila bilang supil at kiming lakas-paggawa para sa mga dayuhang korporasyon at malalaking burgesya-kumprador, habang inaalis ang aspetong "makatao" ng pagkatuto. Banta rin ito sa kabuhayan ng tinatayang 60,000-90,000 libong kontraktwal, partaym, at hindi permanenteng guro na posibleng masisante.

Itinutulak ng GEM ang tuluyang pagbasura sa RGECC. Panawagan rin nila ang tunay at pambansang pagsusuri sa kasalukuyang kurikulum sa GE, pagbabalangkas sa bagong kurikulum sa demokratikong paraan at pagbabawal sa lahat ng porma ng pagsisante sa trabaho na ibubunga ng rebisyon sa GE.

**Oryentasyon ng sistema sa edukasyon**

Inilarawan ng rebolusyonaryong grupo na Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma) ang reporma bilang "pinaka-agresibo" na pagbabago ng istruktura sa edukasyon sa balangkas ng neoliberalismo. Habang kinikilala ang lumalawak na pagkilos laban sa reporma, ipinahayag ng grupo na hindi dapat mahulog ang bayan sa patibong na manawagang "bumalik" sa kaibuturang layunin ng GE.

Ang GE ay nagmula sa programang Great Book na tinawag na Contemporary Civilization ng Columbia University. Ito ang naging modelo ng GE sa buong mundo na tugon ng burgesya sa "barbarismo" na diumano'y nagresulta ng Unang Digmaang Pandaigdig. Ginamit ang GE sa pag-asang makalilikha ito ng isang "mas mapayapa, makatao at patas na lipunan" sa gitna ng umiiral na imperyalistang mga tunggalian.

Sa kaibuturan, sadyang baluktot ang oryentasyon ng GE sa Pilipinas dahil sa pundasyon at kasaysayan nito. "Ang tanging gamot sa labis na komersyalisado at pananakal na ito ng mga korporasyon ay isang militante at hindi palulupig na kilusang masa na nagsusulong ng edukasyong nakadisensyo para sa pambansang industriyalisasyon at tunay na pambansang pagpapalaya," pahayag ng grupo.

Kaisa sa pakikibaka laban sa bulok na sistema ng edukasyon ang Kabataang Makabayan (KM). Anito, dapat patuloy na pakilusin ang kabataang Pilipino para sagkaan ang reporma sa GE na ibayong magsasadlak sa kamangmangan sa mga kabataan. "Dapat na ipaglaban ng mga kabataan ang edukasyong naglilingkod sa interes ng bansa at sambayanan," pahayag ng KM.

Isinusulong ng Kaguma, KM at ng buong National Democratic Front of the Philippines ang isang makabayan, syentipiko at makamasang edukasyon bilang panghalili sa kolonyal, komersyalisado at pasistang edukasyon sa bansa. Ganap na makakamit at maisasakatuparan lamang ang ganitong tipo ng edukasyon sa pagbabagsak sa kasalukuyang bulok na malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan. AB

## Kabataan laban sa *Red-tagging* at panunupil

NAGPROTESTA ANG MGA estudyante ng University of Santo Tomas (UST) noong Mayo 28-29 laban sa tumitinding panunupil at *Red-tagging* sa loob ng unibersidad. Kinundena nila ang "notice to explain" na ipinadala sa tatlong lider-estudyante ng Kabataan Partylist-UST Artlets na sina Raven Racelis, Ray Manuel, at Kerby Calizar. Isinampa ang kaso ni Prof. Marlon Villarin matapos kumprontahin ng mga estudyante ang NTF-Elcac at AFP sa kampus. Giit ng mga estudyante, labag sa akademikong kalayaan at sistematikong panggigipit sa mga kritikal na boses ang reklamo.

Sa Iloilo City, mariing tinutulan ng mga mag-aaral ng West Visayas State University ang pag-imbita kay Lt. Gen. Antonio Nafarrete, kumander ng Philippine Army, bilang panauhing tagapagsalita sa kanilang araw ng pagkilala noong Hunyo 3. Nagsuot ng itim na ribon ang mga estudyante sa araw na iyon bilang simbolikong pagtutol. Anila, ang pagbigay-karangalan sa isang upisyal militar na sangkot sa mga paglabag sa karapatang-tao ay insulto sa integridad ng unibersidad.

Sa Davao City, nagprotesta ang mga kabataan at lider-estudyante mula sa UP Mindanao noong Hunyo 2 para kundenahin ang *Red-tagging* sa rehiyon. Kaugnay ito ng inilabas ng PNP sa bayan ng Cateel, Davao Oriental na isang "Active Wanted Persons" poster noong Mayo 27 kung saan karamihan sa pinangalanan ay mga lider kabataan. Isinapanganib nito ang buhay at seguridad ng 14 na pinangalanan at kanilang mga pamilya.

## Negosasyon sa kapayapaan ng US at Iran, suspendido

NAG-ANUNSYO ANG IRAN noong Hunyo 1 na isinuspinde nito ang partisipasyon sa negosasyon sa kapayapaan sa US kaugnay ng gera. Bunga ito ng pag-atake at pambobomba ng Zionistang Israel sa Lebanon na tahasang paglabag sa balangkas para sa tigil-putukan. Kaugnay nito, muling ganap na isasara ng Iran ang Strait of Hormuz.

Ayon sa Iran, "ang paglabag sa isang larangan ay paglabag sa tigil-putukan sa lahat ng mga larangan." Noong Mayo 31, inianunsyo mismo ng punong ministro ng Zionistang Israel na si Benjamin Netanyahu na inatasan niya ang kanyang militar para palawakin at paigtingin ang mga operasyon at maniobrang militar sa Lebanon. Sunud-sunod ang mga pambobomba nito na pumaslang at nakasugat sa maraming sibilyan sa Lebanon.

Matapos tumirik ang negosasyon, inatake ng US noong Hunyo 3 ang Qeshm Island sa Iran na sinasabing sumira sa mga misayl at *drone* ng bansa. Binansagan ito ng US bilang hakbang ng "pagtatanggol sa sarili." Gumanti ng pag-atake ang Iran sa mga base at pasilidad ng US sa Kuwait at Bahrain.

Noong Mayo 28, patung-patong na mga bagong sangsyon ang ipinataw ng US sa Iran.

**Atin ang Kinse.** Nagprotesta ang mga grupo ng mangingisda sa pangunguna ng Pamalakaya sa harap ng Department of Agriculture sa Quezon City noong Mayo 28 upang kundenahin ang pagdami ng komersyal na pangingisda sa loob ng 15-kilometrong *municipal waters* na pinahintulutan ng desisyon ng Korte Suprema noong Disyembre 2024. Ang protesta ay paggunita rin sa National Fisherfolk's Day noong Mayo 31.

**Manininda kontra imperyalistang gera**. Sa Tuguegarao City, daan-daang manininda sa Mall of the Valley ang lumagda sa petisyong nananawagan ng agarang pagpapatigil sa gerang agresyon ng US-Israel sa Iran. Kasabay nito ang panawagan para sa pagpapababa sa presyo ng langis at pagbigay ng suportang pinansyal sa maliliit na manininda. Anila, bumagsak nang halos 60% ang kanilang kita dahil sa pagtaas ng presyo ng langis.

**"Poorest de Mayo" ng maralita.** Inilunsad ng mga progresibong grupo sa Metro Manila ang tatlong magkakahiwalay na paradang "Poorest de Mayo" noong huling linggo ng Mayo bilang malikhaing protesta laban sa kahirapan. Halaw sa tradisyunal na Flores De Mayo, suot ng mga kalahok ang gawa sa niresiklong materyales na sumasalamin sa mga isyu ng mamamayan. Kabilang dito ang kawalan ng kabuhayan, mababang sahod, demolisyon, krisis sa edukasyon, pagkasira ng kalikasan, at paghihirap dulot ng mga digmang gerang ng US at Israel sa Middle East.

**Imbestigahan ang sunog sa Delpan.** Nanawagan ang Kadamay ng agarang imbestigasyon sa sunog sa Parola Compound, Delpan, Binondo sa Maynila na sumiklab noong Mayo 23. Umabot sa 7,123 residente ang nawalan ng tirahan at pansamantalang nakatigil sa mga *evacuation center* dahil sa sunog. Itatayo sa komunidad ang North-South Harbor Bridge Project ng burgesyang kumprador na si Enrique Razon Jr. Bahagi ng proyekto ang isang 2.02-kilometrong tulay na magdudugtong sa Barangay 20 (Parola) sa North Harbor at Barangay 649 (Baseco) sa South Harbor. Inianunsyo ang pagsisimula nito noong Mayo 22, isang araw bago ang sunog.

**Kambalingan, muling iginiit.** Sa isang porum noong Mayo 25, muling nanawagan ang mga bakwit ng Marawi para sa Kambalingan o ligtas, marangal, at tunay na pagbabalik sa kanilang mga komunidad. Hanggang ngayon, maraming residente ang hindi pinapayagang makabalik, habang tinatayuan na ng mga proyektong imprastruktura ang kanilang lupa. Binabatikos ng mga grupo ang pagbibigay prayoridad sa mamahaling proyekto kaysa sa batayang serbisyo at ang mabagal na proseso ng pagbibigay ng kumpensasyon. Nasa 3,187 o 22% pa lamang ang napuproseso mula sa 14,497 na aplikasyon, na lalong nagpapahirap sa mga biktima.

# Umiigting na agresyon at panghihimasok ng imperyalismong US sa Latin America

Sa nagdaang buwan, umigting ang opensibang inilulunsad ng imperyalismong US, sa pangunguna ng pangulo nitong si Donald Trump, laban sa mga bansa sa Latin America. Pinapayungan ng "Trump Corollary" o kadugtong ng doktrinang Monroe ang kasalukuyang mga atake, agresyon at panggigipit.

**Venezuela.** Nagsagawa ng "evacuation drill" ang mga sundalo ng US sa sentro ng Caracas sa Venezuela noong Mayo 23. Dalawang helikopter na may lulan na mga sundalong Amerikano, mga abulansya, bumbero at iba pang pwersang panseguridad ng US ang lumahok sa aktibidad. Pinamunuan mismo ng pinuno ng US Southern Command na si General Francis Donovan ang aktibidad militar.

Pinahintulutan ito ng gubyerno ng Venezuela sa ilalim ni Delcy Rodríguez, tumatayong presidente ng bansa, sa tabing ng "istandard na mga seguridad pang-diplomatiko at mga protokol sa proteksyon." Sa harap ng panggigipit at pambabanta ng US, pumasok si Rodríguez sa iba't ibang kasunduan sa pulitika at ekonomya kasama ang gubyernong Trump ng US. Kabilang dito ang mga "ehersisyong panseguridad." Kasunod ito ng pagdukot ng US sa dating pangulo ng Venezuela na si Pangulong Nicolás Maduro at kanyang asawa na si Cilia Flores noong Enero 3.

Tinuligsa ng iba't ibang grupo sa Venezuela ang ehersisyong militar na anila ay tahasang panghihimasok at paglabag ng US sa soberanya ng bansa. "No to the drill! Yankee go home!" ang panawagan ng mga nagprotesta.

**Cuba.** Pinatawan ng sangsyon at sinampahan ng mga reklamo ng US ang mga pinuno ng gubyerno at rebolusyonaryong lider sa Cuba. Noong Hunyo 4, direktang pinatawan ng sangsyon ng US Treasury Department si Cuban President Miguel Díaz-Canel, ang kanyang pamilya, at malalapit na kaanak ng mga Castro. Kasabay ito ng panibagong pagbabanta ni Trump laban sa bansa na "aasikasuhin" pagkatapos ng Iran.

Noong Mayo 20, nagsampa ng mga reklamo ang US Department of Justice laban kay Raúl Castro, 94, rebolusyonaryong lider, heneral at dating pangulo ng bansa. Sinasakdal siya ng US kaugnay ng pagpapabagsak sa dalawang eroplano sa Cuba noong 1996 na gamit noon ng mga pwersang maka-US sa panghihimasok sa Cuba. Binatikos ng mga upisyal ng Cuba ang hakbang na ito na sinasabi nilang gagamitin lamang bilang katwiran para sugurin at atakehin ang bansa, tulad ng ginawa sa Venezuela.

**Bolivia.** Sa harap ng lumalalang krisis sa ekonomya at bumabagsak na kalidad ng buhay, kinundena ng mamamayang Bolivian ang pagiging sunud-sunuran ng nakaupong rehimen sa mga dikta ng US. Malinaw sa kanila na ang pagpabor ng rehimeng Paz sa US at mga dayuhang kumpanya ay pagtataksil sa soberanya ng bansa. Nagpapatuloy ang pangkalahatang welga ng mga manggagawa at anakpawis ng Bolivia na sinimulan noong Mayo. Paralisado ang maraming mayor na syudad sa bansa.



Lalo pang ikinagalit ng mga welgista ang tahasang pagsuporta ng US sa pambubuwag at pasistang panunupil ni Paz sa mga pagkilos. Batid nilang sinusuhayan ng US ang rehimen dahil susi ito para madambong ang likas na yaman ng Bolivia. Kinundena nila ang panghihimasok ng US sa bansa, kabilang ang bantang dukutin si Evo Morales, anti-imperyalistang lider at dating presidente ng Bolivia.

Pinaglalawayan ng US ang Bolivia dahil sa reserbang *lithium* nito na isa sa pinakamalaki sa buong mundo. Bahagi ito ng tinatawag na "Lithium Triangle" sa South America kasama ang Argentina at Chile. Sila ang tatlong bansa na nagmamay-ari ng mahigit 50% ng kabuuang *lithium* sa buong mundo.

**Colombia.** Tahasang nakikialam ang US sa kasalukuyang pambansang eleksyon sa Colombia. Noong Mayo 29, iligal na nakipagpulong si US Senator Bernie Moreno sa mga konserbatibong kandidato ng Colombia upang pag-isahin ang Kanan laban sa progresibong kandidato na si Iván Cepeda sa darating na *runoff* sa Hunyo 21. Si Moreno ay bahagi ng 86-kataong delegasyon ng US para maging "obserber" sa eleksyon at galamay nito para sa pakikialam.

Sa unang *runoff* ng eleksyon noong Mayo 31, nanguna ang pasistang kandidatong si Abelardo de la Espriella na may 43.7%. Matapos ang resulta, hayagan siyang inendorso ni Trump para sa pinal na eleksyon sa Hunyo. Binatikos ito ng kasalukuyang pangulo ng Colombia na si Gustavo Petro bilang paglapastangan sa soberanya ng bansa. AB